
# AMPATOLA




Magpunla ng buto ng ampalaya (*scion*) at patola (*rootstock*)

**7-10** na araw

Ilipat ang punla ng patola sa plastik na paso




**15-18** araw para sa ampalaya at **18** na araw sa patola



Idugsong ang ampalaya sa patola gamit ang *hole insertion o splice method*

Ilagay ang dugsong na halaman sa *humidity chamber* upang maghilom ang dugsong o *union*




**4-5** na araw



Ilagay sa *recovery chamber*

**2-3** na araw

Ilagay sa *nursery* sa loob ng **7-10** na araw upang tumibay ang halaman bago itanim



**TANDAAN**

- Ang buong proseso ng pagdudugsong ay inaabot ng **43 araw** bago maitanim sa bukid.
- Ang dugsong na halaman ay tumatagal ng **75 araw** sa bukid.


Inihanda nina:
Michelle E. Javier / Agriculturist II
Brian Joseph S. Zulueta / Agriculturist II
Ma. Krizelle Anne M. Manigbas / Project Assistant II
Jeanne Paula T. Sumangil / Information Officer

Iginuhit ni :
Jeanne Paula T. Sumangil/ Information Officer

Base sa gawa ni:
Niña R. Rosales / Agriculturist II

Mula sa Proyektong pinondohan ng
Department of Agriculture
Bureau of Agricultural Research:

Promotion and Commercialization of Grafting Technology for Selected Fruit-Vegetables (Tomato, Sweet Pepper, and Bitter Gourd)


Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o sumulat sa:


**THE CENTER CHIEF**
BUREAU OF PLANT INDUSTRY
Los Baños National Crop Research, Development and Production Support Center
4030 Timugan, Los Baños, Laguna

Telefax: (049) 536-0285
(049) 536-0285, 536-0104
bpi_lbncrdc@yahoo.com.ph
Bureau of Plant Industry - Los Baños Center



DEPARTMENT OF AGRICULTURE
**BUREAU OF PLANT INDUSTRY**
**Los Baños National Crop Research, Development and Production Support Center**




# PAGDURUGSONG NG AMPATOLA

# AMPATOLA

- Ito ay dugsong na halaman ng ampalaya (bilang *scion*) at patola (bilang *rootstock*)
- Ito ay *resistant* laban sa *Fusarium wilt*, isa sa mga sakit ng kukurbita na nagdudulot ng malaking pinsala sa taniman dahil nakamamatay ito ng halaman
- Ang *Fusarium wilt* ay dulot ng amag na *Fusarium oxysporum f. sp. cucumerinum* at *f. sp. momordicae* na natural na naninirahan sa lupa
- Ito rin ay mas matibay sa ulan at binabahang kondisyon ng lupa
- Mas matagal rin ang buhay nito kumpara sa normal na halaman na ampalaya


**Mga ginagamit na *varieties*:**

**Ampalaya:** Uring gusto ng magtatanim
**Patola:** SG-RS # 1 (Acc. 34), SG-RS # 2 (Acc 249), SG-RS # 3 (Acc 264), SG-RS # 4 ( Acc. 53)

## Pamamaraan ng Pagdurugsong:

Sa pagdurugsong ng ampatola, dalawang pamamaraan ang maaaring gamitin: ang *hole insertion* at *splice.*


**1.** ***Hole insertion method:*** Tanggalin ang suloy sa gitnang bahagi ng patola. Itira ang dalawang pinakamababang tumutubong dahon. Gupitin ng bahagya ang natitirang dahon.



***Splice method:*** Putulin ng matulis at patagilid ang patola. Itira ang isa sa pinakamababang tumutubong dahon.




**2.** ***Hole insertion method:*** Gumamit ng matulis na bagay tulad ng pin o toothpick upang makagawa ng butas sa pinutol na bahagi ng patola.



**3.** Putulin ng patulis ang ampalaya sa bahaging aakma sa sukat ng dudugsungan na patola.



***Hole insertion method***




***Splice method***


**4.** ***Hole Insertion method:*** Ipasok ang ampalaya sa ginawang butas sa patola.




***Splice method:*** Idikit ang putol na bahagi ng ampalaya sa putol na bahagi ng patol.



**5.** Lagyan ng clip ang bahaging nagdudugsong sa ampalaya at patola. Ito ang tinatawag na *union*



***Hole insertion method***



***Splice method***

### TANDAAN

- Maari ring gamitin ang **kalabasa** (SQ-RS # 1: PHL 7708, SQ-RS # 2: PHL 7732), **kundol** (WG-RS # 1: GB# 455, 329) at **upo** (BG-RS # 1: PHL 7559, BG-RS # 2: PHL 7553) bilang *rootstock*
- Maliban sa ampalaya, maari ring gamitin bilang *scion* ang melon, pakwan at pipino.
- Ang ginagamit na *rootstock* ay *wild variety* na *open-pollinated* at may taglay na hindi masarap na lasa kumpara sa ibang *varieties*. Ito ay napatunayang *resistant* laban sa *Fusarium* wilt.
- Siguraduhing malinis ang mga kamay at mga gamit gaya ng blade at gunting, bago simulan ang pagdurugsong.